



ANG KAPANGYARIHAN NG MULING *Pagkabuhay*

Bp. Broderick Pabillo, DD

Ang pagiging Kristiyano ay pagiging saksi sa muling pagkabuhay ni Hesus. Ang muling pagkabuhay ang rurok ng pagbubunyang ng Diyos ng kanyang sarili sa tao. Pinapakita nito ang kapangyarihan ng Diyos na saklaw, sakop, at lampas pa sa kamatayan. Ipinapakita nito na si Hesus ang Panginoon. Kaakibat ng pagiging historikal na pangyayari, ang muling pagkabuhay ni Hesus ay tungkol, lalo't higit, sa pananampalataya. Tanging mga sumasampalataya lamang ang makatatanggap nang buo sa katotohanang ito. Ngunit hindi lamang natin tinatanggap ang muling pagkabuhay. Atin itong isinasabuhay! Dahil muling nabuhay si Hesus, tiyak tayong napagtagumpayan niya ang kasalanan at kamatayan. Napalaya tayo ni Hesus mula sa kasamaan. Dahil dito'y panatag tayong mga tagasunod ni Hesus na tayo ri'y kabahagi sa kanyang tagumpay. Samakatuwid, ang muling pagkabuhay ay di lamang tungkol kay

Hesus. Tungkol din ito sa atin, ang ating buhay kapiling niya.

Sa pamamagitan ng muling pagkabuhay, hindi lamang buhay ni Hesus ang naipaganibago kundi lalo't higit ang buhay ng kanyang mga tagasunod. Katunayan, ating nasasaksihan ang malaking pagkakaiba ng Pedro sa ating Ebanghelyo at ng Pedro sa mga Gawa. Sa Mabuting Balita, nakikita natin ang Pedrong nagugulumihan at hindi sigurado. Wala, ni katiting na hinala sa kanyang malay, ang muling pagkabuhay. Kaya nang biglang pumasok ang isang hapong-hapong Maria Magdalena sa bukung-liwayway ng Linggong iyon, nagulumihan an si Pedro. Tumakbo siya, hindi dahil sa muling pagkabuhay, kundi patungo sa libingang walang laman. Ang balita sa kanila ni Maria Magdalena, walang laman ang libingan dahil may kumuha sa katawan ng kanilang Panginoon. Kaya naman, ang libingang walang laman ang namutawi sa malay ni Pedro. At hindi niya ito maintindihan. Marahil, iniwan niya ang libingan nang walang bahid ng

galak kundi puno ng kalituhan.

Ngunit kung tayo'y babaling sa mga Gawa sa pagpapahayag kay Cornelius bilang unang paganong Kristiyano, ating makikita ang ibang-ibang Pedro. Dito, siguradong-sigurado si Pedro sa kanyang pahayag. Una, kitang-kita ang kanyang tapang sa pagpasok sa tahanan ng isang pagano, na bawal sa kultura ng mga Hudyo noon. Pagkatapos, siguradong-sigurado siya sa kanyang pahayag tungkol kay Hesus, at ang mabuting balita ng muling pagkabuhay ang pangunahing laman ng kanyang pagpapahayag. Sigurado rin siya sa kanyang ginagawa: "Inatasan niya kaming mangaral sa mga tao at magpatotoo na siya ang itinalaga ng Diyos na maging Hukom ng mga buhay at mga patay." (Gawa 10:42) Anong nagsanhi ng pagbabagong ito? Walang iba kundi ang kanilang karanasan ng muling pagkabuhay na pinaglililaw ng liwanag ng Espiritu Santo. Totoo ito, hindi lamang kay Pedro, kundi sa bawat apostol, disipulo at narapat lamang maging totoo sa sinumang kristiyano. Pinagbabago tayo ng kapangyarihan ng muling pagkabuhay sapagkat gumagalaw ang naturang kapangyarihan sa ating loob. Kaya ngayon, hindi lamang natin inaalala ang muling pagkabuhay ni Hesus. Tayo'y lumulusong, lumulublob dito, batid na atin itong tunay na isinasabuhay at sinasaksihan.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Slm 139:18, 5–6)

(Basahin kung walang pambungad na awit)

Ako ay muling nabuhay at kaping mo na naman. Ipinatong mo ang kamay upang ako ay ingatan, Aleluya, kailanman.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus)

P — Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa’y sumainyong lahat.

B — **At sumaiyo rin.**

Paunang Salita

(Maaring basahin ito o isang katulad na pahayag)

P — Sa araw na ito ipinagdiriwang natin ang pangunahing sandigan ng ating pananampalataya bilang mga Kristiyano—ang **Muling Pagkabuhay ni Kristo**. Ang muli niyang pagkabuhay ay tanda ng ganap na pagbabago ng sangnilikha. Buong galak nating ipagdiwang ang Eukaristiyang ito kung saan pinadadaloy ng Panginoon ang mga pagpapalang bunga ng kanyang muling pagkabuhay. Idalangin natin sa kanyang makamit din natin kapiling niya ang tagumpay laban sa kasalanan at kamatayan.

(Sa lahat ng mga Misa ngayong araw na ito, ang Pagsisipi sa Kasalanan at ang Panginoon, kaawaan mo kami gayundin ang Sumasampalataya ay lalaktawan sapagkat ang mga ito ay nasasaad na sa Pagsariwa sa Pangako sa Pagbibinyag.)

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan

ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P — Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, ngayo’y binuksan mo para sa amin ang pinto ng kalangitan sa pananaig ng iyong Anak sa kamatayan. Ipagkaloob mong sa pagdiriwang namin sa Pasko ng Pagkabuhay kami’y mabuhay sa pagpapanibagong dulot ng iyong Espiritu sa kaliwanagan ng buhay mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B — **Amen.**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa

(Gawa 10:34a, 37–43) (Umupo)

Ang muling pagkabuhay ni Hesus ang pinakapuso ng mabuting balitang ipinahahayag ng mga sinaunang Kristiyano at nagpapatuloy na batayan ng ating pananampalataya sa Panginoon.

Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

NOONG mga araw na iyon: Nagsalita si Pedro, “Alam ninyo ang nangyari sa buong Judea na nag-simula sa Galilea nang mangaral si Juan tungkol sa binyag. Ang sinasabi ko’y tungkol kay Hesus na taga-Nazaret. Ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang Espiritu Santo at ang kapangyarihan bilang katunayan na siya nga ang Hinirang. Sapagkat sumasakanya ang Diyos, saanman siya pumaroon ay gumagawa siya ng kabutihan at nagpapagalang sa lahat ng pinahihirapan ng diyablo. Saksi kami sa lahat ng ginawa niya sa lupain ng mga Judio at sa Jerusalem. Gayunman, siya’y ipinako nila sa krus. Ngunit muli siyang binuhay ng Diyos sa ikatlong araw. Napakita siya, hindi sa lahat ng tao kundi sa

amin lamang na noon pang una’y pinili na ng Diyos bilang mga saksi. Kami ang nakasama niyang kumain at uminom pagkatapos na siya’y muling mabuhay. Inatasan niya kaming mangaral sa mga tao at magpatotoo na siya ang itinalaga ng Diyos na maging Hukom ng mga buhay at mga patay. Siya ang tinutukoy ng mga propeta nang kanilang ipahayag na bawat mananalig sa kanya ay tatanggap ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang pangalan.”


— Ang Salita ng Diyos.

B — **Salamat sa Diyos.**

Salmong Tugunan (Slm 117)

T — **Araw ngayon ng Maykapal, magalak tayo’t magdiwang.**

E. C. Marfori



1. O pasalamat/ ang D’yos na Panginoon, pagkat siya’y mabuti;/ ang kanyang pag-ibig/ ay napakatatag at mananatili./ Ang taga-Israel,/ bayaang sa-bihi’t kanilang ihayag:/ “Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi kukupas.” **(T)**

2. Ang lakas ng Poon/ ang siyang nagdulot ng ating tagumpay/ sa pakikibaka sa ating kaaway./ Aking sinasabing/ di ako papana-w,/ mabubuhay ako/ upang isalaysay/ ang gawa ng Diyos na Panginoon ko. **(T)**

3. Ang batong natakwil/ ng nangagtatayo ng tirahang-bahay/ sa lahat ng bato’y higit na mahusay./ Ang lahat ng ito/ ang nagpamalas ay ang Panginoong Diyos./ Kung iyong mamasdan ay kalugud-lugod. **(T)**

Ikalawang Pagbasa

(1 Cor 5:6b–8 or Col 3:1–4)

Sa pamamagitan ng pagbibinyag, nakikibahagi ang Kristiyano sa kamatayan at muling pag-

kabuhay ni Kristo. Bilang isang bagong nilikha, ang Kristiyano ay namamatay sa kanyang dating makasalanang pamumuhay at nabubuhay sa Espiritu ni Kristo.

Pagbasa mula sa unang sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

MGA KAPATID: Hindi ba ninyo alam ang kasabihang “Napaalsa ng kaunting lebadura ang buong masa”? Alisin ninyo ang lumang lebadura, ang kasalanan, upang kayo’y maging malinis. Sa gayon, matutulad kayo sa isang bagong masa na walang lebadura—at ganyan nga kayo. Sapagkat naihandog na ang ating Korderong Pampaskuwa—si Kristo. Kaya’t ipagdiwang natin ang Paskuwa, ngunit hindi sa pamamagitan ng tinapay na may lumang lebadura ng kasamaan at kahalayan, kundi sa pamamagitan ng tinapay na walang lebadura, sagisag ng kalinisan at katapatan.

— Ang Salita ng Diyos.

B — Salamat sa Diyos.

Awit tungkol sa Mabuting Balita *(Tumayo)*

B — Purihin si Hesukristo hain para sa tao. Nagligtas na Kordero nang makasundo tayo ng Amang Lumikha nitong mundo. Buhay at kamatayan kapwa nagtunggalian at ang nagtagumpay “Pagkabuhay.” Ano ba Maria, ang ’yong mga nakita? Puntod ni Kristong nabuhay, liwanag niya’t kaningningan. Anghel na malinaw, kumot at kasuotan.

Buhay si Kristong pag-asa pupunta s’ya sa Galilea. Kami’y sumasampalatayang buháy kang talaga, Hari ng ligaya, magbasbas ka.

Aleluya (1 Cor 5:7b–8a)

B — Aleluya! Aleluya! Si Kristo’y inihain na pamaskong maamong tupa. Magsalo tayo sa kanya! Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Jn 20:1-9)

P — Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

B — Papuri sa iyo, Panginoon.

MADILIM-DILIM pa nang araw ng Linggo, naparoon na si Maria Magdalena sa libingan. Naratnan niyang naalis na ang

batong panakip sa pinto ng libingan. Dahil dito, patakbo siyang pumunta kay Simon Pedro at sa alagad na mahal ni Hesus, at sinabi sa kanila, “Kinuha sa libingan ang Panginoon at hindi namin alam kung saan dinala!” Kaya’t si Pedro at ang nasabing alagad ay nagpunta sa libingan. Kapwa sila tumakbo ngunit si Pedro’y naunahan ng kasamang alagad. Yumuko ito at sumilip sa loob. Nakita niyang nakalagay ang mga kayong lino, ngunit hindi siya pumasok. Kasunod niyang dumating si Simon Pedro at tuloy-tuloy itong pumasok sa libingan. Nakita niya ang mga kayong lino, at ang panyong ibinalot sa ulo. Hindi ito kasama ng mga kayong lino, kundi hiwalay na nakatiklop sa isang tabi. Pumasok din ang alagad na naunang dumating; nakita niya ito at siya’y naniwala. Hindi pa nila nauunawaan ang nasasaad sa Kasulatan, na kailangang muling mabuhay si Hesus.

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B — Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagsariwa sa Pangako sa Pagbibinyag (*Tumayo*)

P — Mga kapatid, sa misteryo ng Pasko ng Pagkamatay at Pagkabuhay ni Kristo, tayo’y nalibing kasama niya noong tayo’y binyagan upang kasama rin niya tayo’y makabangon at makapagbagong-buhay. Naganap na natin ang Apatnapung Araw na Paghahanda, kaya’t sariwain natin ngayon ang ating pangako sa pagbibinyag. Talikdan natin ang kasamaan at kasalanan. Harapin natin ang matapat na paglilingkod sa Diyos bilang mga maaasahang kaanib ng kanyang banal na Simbahang Katolika. Kung kayo’y makapangangakong tatalikod sa lahat ng hadlang sa katuparan ng panukala sa Diyos upang kayo’y makapamuhay bilang matapat at maaasahang kaanib ng kanyang angkan, pakisagot ninyo itong tatlong katanungan.

P — Para kayo makapamuhay bilang mga malayang anak ng Diyos, ang kasalanan ay itinatkwil ba ninyo?

B — Opo, itinatkwil namin.

P — Para kayo’y huwag mapailalim sa kasalanan, ang kaakit-akit na tukso ng kasamaan ay itinatkwil ba ninyo?

B — Opo, itinatkwil namin.

P — Si Satanas na pinanggagalangan ng kasalanan at pinuno ng kadiliman ay itinatkwil ba ninyo?

B — Opo, itinatkwil namin.

P — Ngayon nama’y ating harapin ang ating pananampalataya. Kung kayo’y makapangangakong magsisikap mamuhay bilang mga ikinarangal na anak ng Diyos Ama, kung tutularan ninyo siya sa kanyang kabutihan, pagmamahal sa lahat, at pagmamalasakit para sa pangkalahatang kapakanan, pakisagot ninyo ang katanungang ito: (*Tumahimik*)

Sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat at Lumikha ng langit at lupa kayo ba ay sumasampalataya?

B — Opo, sumasampalataya kami.

P — Kung kayo’y makapangangakong magsisikap mamuhay bilang mga tunay na kapatid ng Panginoong Hesus, kung gagawin ninyong simulain sa buhay ang kanyang katwiran, katarungan, at paglilingkod sa lahat alinsunod sa kanyang pagmamahal, pakisagot ninyo ang katanungang ito: (*Tumahimik*)

Sa iisang Anak ng Diyos, ang ating Panginoong Hesukristo, na ipina-nganak ni Santa Mariang Birhen, ipinako sa krus, namatay, inilibing, muling nabuhay at naluluklok sa kanan ng Ama kayo ba ay sumasampalataya?

B — Opo, sumasampalataya kami.

P — Kung kayo’y makapangangakong susunod sa patnubay ng Espiritu Santo at kung sisikapin ninyong mapaunlad ang kaloob niyang buhay at pagmamahal upang maging mga maipagmamalaking anak ng Diyos Ama at kapatid ng Panginoong Hesus pakisagot ninyo ang katanungang ito: (*Tumahimik*)

Sa Espiritu Santo, sa Banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa muling pagkabuhay ng mga namatay, at sa buhay na walang hanggan kayo ba ay sumasampalataya?

B — Opo, sumasampalataya kami.

P — Bunga ng pagmamahal ng

Diyos na makapangyarihang Ama ng ating Panginoong Hesukristo tayo ay pinatawad sa ating kasalanan noong tayo'y muling isilang sa tubig at Espiritu Santo. Tulungan nawa niya tayong mamalaging tapat sa ating Panginoong Hesukristo ngayon at magpasawalang-hanggan.

B — Amen.

Panalangin ng Bayan

P — Sa maluwalhating pagkabuhay ng ating Panginoon, binigyan niya tayo ng karangalan bilang tunay na mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng sakramento ng binyag. Kaya naman buong pagtitiwala tayong umaasang ipagkakaloob niya ang ating mga kahilingan. Manalangin tayo:

T — Panginoong Muling Nabuhay, dinggin mo kami.

L — Maging matatag nawa ang Santo Papa, mga obispo, mga pari, at mga diyakono sa kanilang pananampalataya kay Kristong muling nabuhay at maipahayag nawa nila ang pananampalatayang ito sa buong mundo hanggang sa maluwalhating pagbabalik ng Panginoon. Manalangin tayo: **(T)**

L — Sa mahiwagang pamamaraan ng Espiritu, magkaisa nawa ang mga pinuno ng mga bansa sa pagsusulong ng pandaigdigang kapayapaan, pakikibaka laban sa kahirapan, at pagtataguyod ng dignidad ng tao. Manalangin tayo: **(T)**

L — Pakinabangan nawa ng mga dukha, mga maysakit, mga nagdurusa sa iba't ibang paraan, at mga biktima ng karahasan ang mga pagpapalang bunga at kaloob ng muling pagkabuhay ni Kristo tungo sa mabuting pagbabago ng kanilang kalagayan. Manalangin tayo: **(T)**

L — Tanggapin nawa ng mga minamahal nating mga yumao ang walang-hanggang kaligayahan, at kapayapaan sa piling ng Diyos na muling nabuhay. Manalangin tayo: **(T)**

L — Sa ilang sandali ng katahimikan, ating ipanalangin ang iba pang mga pangangailangan ng ating pamayanan pati na rin ang ating pansariling kahilingan *(Tumahimik)*. Manalangin tayo: **(T)**

P — Ama naming mapagmahal, ibuhos mo sa amin ang masaganang bunga ng pagtatagumpay sa kamatayan ng iyong Anak na nabuhay at naghaharing kasama mo at ng Espiritu Santo, ngayon at magpakailanman.

B — Amen.



Paghahain ng Alay *(Tumayo)*

P — Manalangin kayo...

B — Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P — Ama naming Lumikha, masaya naming ipinagdiriwang ang Pasko ng Pagkabuhay ngayong aming ginaganap ang paghahaing ito ng Anak mong mahal para sa muling pagsilang at pakikinabang ng iyong Sambayanan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B — Amen.

Prepasyo sa Pasko ng Pagkabuhay

P — Sumainyo ang Panginoon.

B — At sumaiyo rin.

P — Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B — Itinaas na namin sa Panginoon.

P — Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B — Marapat na siya ay pasalamat.

P — Ama naming makapangyarihan tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat natin ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Ang iyong Anak na minamahal ay naghain ng sarili niyang buhay. Siya ang tupang maamong umako sa kaparusahan upang mapatawad ang kasalanan ng sanlibutan. Sa pagkamatay niya sa banal na krus ang kamatayan namin ay kanyang nilupig. Sa pagkabuhay niya bilang Manunubos pag-asa't pagkabuhay ay aming nakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B — Santo, Santo, Santo... (Lumuhod)

Pagbubunyi *(Tumayo)*

B — Si Kristo'y namatay! Si Kristo ay nabuhay! Si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon!

PAKIKINABANG

Ama Namin

B - Ama namin...

P — Hinihiling naming...

B — Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang

(Lumuhod)

P — Ito ang Kordero ng Diyos...

B — Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon (1 Cor 5:7-8)

Si Kristo'y inialay na Pamaskong maamong tupa. Magsalo tayong masaya sa tinapay na pamista bago't wagas, Aleluya!

Panalangin Pagkapakinabang

(Tumayo)

P — Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming mapagmahal, lingapin mong lagi kaming sambayanan mo upang sa pagdiriwang namin ng Pasko ng Pagkabuhay ni Kristo sapitin namin ang kaliwanagan ng pagkabuhay sa piling mo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen.

PAGTATAPOS

P - Sumainyo ang Panginoon.

B - At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P — Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B — Amen.

Pangwakas

P - Tapos na ang Banal na Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahal in at paglingkuran. Aleluya! Aleluya!

B - Salamat sa Diyos. Aleluya! Aleluya!

